

“NASA MUNDO,  
NGUNIT HINDI MULA SA MUNDO”

*Sulat ng Pastol 2020*



Obispo Paul Hinder OFM Cap.

**“NASA MUNDO,  
NGUNIT HINDI MULA SA MUNDO”**

*Sulat ng Pastol 2020*

Sa lahat ng Mananampalataya sa  
**Bikaryato Apostoliko ng Hilaga at Timog Arabia**

Obispo Paul Hinder OFM Cap.

# Nilalaman

*Sa gitna ng tunay na mundo*

*Tinawag upang maging “kaluluwa” ng mundo*

*Labanan ang tukso upang umayon sa mundo*

*Paano mabuhay nang malaya*

*Ang buhay sa gitna ng mga hamon ng pandemya*

*Pag-ako sa mga bagong kondisyon*

*Kumpiyansa laban sa pangamba*

*Si Jesus, ang nangunguna at tagapag-gantimpala ng  
ating pananampalataya*

*Ang sakramento sa ilalim ng kakaibang kondisyon*

*“Kasama natin ang Diyos sa takipsilim at sa umaga”*

*“Hindi ko hinihiling na alisin mo sila sa mundo,  
kundi ipag-adya mo sila sa masama.”  
(Juan 17, 15)*

Mga Minamahal kong kapatid kay Cristo,

Sumainyo ang kapayapaan!

1. Tayong lahat ay dumaraan sa matinding hirap simula nang guluhin ng pandemyang Covid-19 ang ating buhay sa iba't-ibang paraan. Nais kong magbahagi sa inyo ng ilang pagninilay. Sisimulan ko ito, gamit ang isang talata mula sa ebanghelyo ni San Juan. Matatagpuan natin ito sa mahabang panalangin ni Jesus sa gabi ng Huling Hapunan. Matapos niyang hugasan ang paa ng kanyang mga alagad at bago niya hinarap ang pagdurusa, kinausap ni Jesus ang kanyang Ama at nanalangin para sa kanyang mga alagad: “Hindi ko hiniling na alisin mo sila sa mundo, kundi ipag-adya mo sila sa masama.” (Juan 17, 15)

### ***Sa gitna ng tunay na mundo***

2. Hindi inisip ni Jesus na ang kanyang mga alagad ay mabubuhay sa isang mundong mala-paraiso, kundi sa isang mundong nabahiran ng kasalanan. Bilang mga kristiyano kailangan nating mabuhay sa mundong ating nakagisanan at hindi sa isang mundong ating pinapangarap. Matindi nating naranasan ang katotohanang ito sa panahon ng pandemyang Covid-19. Hindi sapagka't tayo ay sumasampalataya kay

Cristo at tayo ay kaanib ng kanyang Simbahan ay siguradong nasa paraiso tayo. Hindi sapagkat sumasampalataya tayo sa Panginoon ay ligtas na tayo sa Covid-19 at sa iba pang mga kalamidad. Katulad ng lahat ng tao, nahaharap tayo sa mga panganib sa isang mundong nabahiran ng karumihan. Hindi tayo maaring umasa na ililigtas tayo ng Diyos sa pandemyang ito dahil tayo ay sumasampalataya sa kanyang Anak na si Jesucristo. Sa kanyang panalangin bago siya magdusa, hindi hiniling ni Jesus sa kanyang Ama na alisin ang kanyang mga alagad mula sa mundo. Ang tanging hiling niya sa Ama ay “ipag-adya sana sila sa masama”. Ang “masama” na tinutukoy ay hindi ang sakit, aksidente, tag-gutom, giyera at iba pang mga kahirapan. Ang tinutukoy ay ang diyablo na káya tayong isailalim ng kanyang kapangyarihan, bigyan ng sakit na nakamamatay ng ating kaluluwa at ilayo tayo sa Diyos.

3. Tayong lahat ay umaasa at dumadalangin na nawa’y ligtas nating malampasan ang pandemyang ito. Subalit ito ay walang katiyakan – sa mga may pananampalataya at sa walang pananampalataya. Sa bagay na ito, tayong lahat ay sama-sama sa iisang kalagayan at kailangan nating gawin ang kinakailangan upang ipagtanggol ang ating mga sarili at kapwa-tao sa isang mabisang paraan. Malaki ang ating utang na loob sa lahat ng mga kumikilos gabi’t-araw upang mabawasan ang panganib na nakamamatay. At sa mga taong buong tiyagang nagsasaliksik upang magkaroon ng bakuna na inaasahan nating magpapanumbalik ng bahagyang seguridad. Gayunpaman, ang pandemyang ito ay nagpapaala-ala sa atin, sa paraang nakagugulat, na

tayong mga Kristiyano, kasama ng iba pang mga nilalang ay nakikibahagi sa “iisang tahanan” na ipinagkaloob sa atin ng Poong Maykapal. Ang pandemyang ito ay hindi namimili sa may pananampalataya o wala.

4. Subalit may tanong pa rin: bilang mga kristiyano paano natin haharapin ang ganitong sitwasyon? Ano ang sagot sa mga katanungang gumugulo sa ating mga isipan at nagdudulot ng maraming pagdududa sa ating mga puso? Kung babalikan natin ang kasaysayan, makikita natin na sa simula’t simula pa, kinailangan ng mga Kristiyano na matutunan sa pamamagitan ng masakit na karanasan kung ano ang ibig sabihin ng mabuhay na nasa mundo subalit hindi mula sa mundo. Ang mga taga-sunod ni Jesucristo ay malimit na naharap sa isang kalagayang hindi nakabuti sa bagong pananampalataya ng mga Kristiyano. Gayunpaman, ang mga kristiyano ay hindi lumalayo sa lipunan na kanilang kinabibilangan at hindi rin sila nagpapa-awa sa sarili. Sa halip, makikita natin na sa simula pa, ang mga kristiyano ay nakikilahok sa buhay panglipunan, sukdulang malagay ang sarili sa panganib. Sa kanilang panlabas na buhay, hindi sila naiiba sa mga taong kasama nila sa lipunan. Subali’t kakaiba ang uri ng kanilang buhay sa gitna ng paganong mundo (na malimit ay imoral).

### ***Tinawag upang maging “kaluluwa” ng mundo***

5. Upang masusing talakayin ang nasabing paksa, nais kong banggitin ang mahabang talata mula sa isang matandang

liham noong mga taong 130-160 pagkatapos ng kamatayan ni Cristo. Ang talata ay isang liham sa isang taong nagngangalang Diogneto. Ito ay maari nating iugnay sa ating kasalukuyang kalagayan. Narito ang liham tungkol sa buhay ng mga kristiyano sa gitna ng mga nangyayari noong panahong iyon:

“ Ang mga Kristiyano ay hindi naiiba sa mga taong iba ang nasyonalidad, wika o kaugalian. Hindi sila nakatira sa mga hiwalay na lungsod, o nagsasalita ng kakaibang wika, o sinusunod ang kakaibang paraan ng pamumuhay. Ang kanilang turo ay hindi batay sa mga pangarap ng mga taong masaliksik. Hindi tulad ng iba, ang ipinaglalaman nila ay hindi turo lamang ng tao. At tungkol sa pananamit, pagkain at uri ng pamumuhay, sinusunod nila ang mga kaugalian ng anumang lungsod na kanilang pinaninirahan, maging Griyego man o banyaga.

Subalit may pambihira sa kanilang buhay. Naninirahan sila sa mga sariling bayan na parang dumadaan lamang sila. Ginagampanan nila ang kanilang pananagutan bilang mamamayan, ngunit dinaranas nila ang mga kakulangan ng mga dayuhan. Kahit anong bayan ay aariin nilang sariling-bayan. Ngunit para sa kanila ang sariling-bayan, saan man ito naroon, ay parang hindi sarili. Tulad ng iba, nagpapakasal sila at nagkaka-anak, ngunit hindi nila ito inilalantad. Ibinabahagi nila ang kanilang pagkain, ngunit hindi ang kanilang mga asawa.

Nabubuhay sila bilang tao, may buto at laman, ngunit hindi sila napapasakop sa pagnanasa ng laman. Lumilipas ang kanilang mga araw sa mundo, ngunit sila ay mga mamamayan ng langit. Masunurin sila sa batas, subali't nabubuhay silang sinusunod ang higit pa sa iniuutos ng batas. Nagmamahal ang mga Kristiyano sa lahat ng tao, ngunit inuusig sila ng mga ito. Sila'y hinahatulan sapagkat hindi sila nauunawaan. Sila'y pinapatay, ngunit muli silang binubuhay. Nabubuhay sila sa kahirapan, ngunit nagpapayaman sila ng marami; sila ay nagdarahop, ngunit masagana sa lahat ng bagay. Inilalagay sila sa kahihyan, ngunit ito ang kanilang kaluwalhatian. Sila'y sinisiraan, ngunit sila'y naninindigan. Pagpapala ang kanilang sagot sa pang-aabuso, paggalang ang kanilang tugon sa pag-insulto. Sa kabutihang kanilang ginagawa kapalit nito ay parusa ng mga tampalasan, gayunpaman, nagagalak sila, na waring tumatanggap ng biyaya ng buhay ... (Mula sa sulat ni Diogneto)

6. Ang patotoong ito mula sa unang panahon ay nagpapatunay na ang mga kristiyano ay hindi inihihwalay ang sarili sa mundo at sa lipunan na parang mga sekta. Ngunit sila'y naiiba dahil sa uri ng kanilang pamumuhay. Sa isang kultura na ang tinitingala ng mga tao ay kapangyarihan at dini-diyos ang emperador, pinatutunayan ng mga kristiyano na ang kanilang buhay at pagsamba ay sa tunay na Diyos lamang. Hindi nila ito maaring ipagpalit, sukdulang mamatay sila para sa kanilang pananampalataya. Sa isang lipunan na ang aborsyon at pagkitil ng sanggol matapos



isilang ay pangkaraniwan, iginagalang nila ang bunga ng sinapupunan. Sa isang kulturang ang kamunduhan ay pangkaraniwan, ipinagtatanggol nila sa salita at gawa ang pagiging sagrado ng matrimonyo. Sa isang panahon na ang di-pantay ng pagtingin sa kapwa ay bahagi ng sistema, itinuturing ng mga kristiyano ang bawat isa na magkakapatid, anupaman ang kanilang katayuan sa buhay, mayaman o hindi, anupaman ang kanilang wika o lahi. Ang mga nangyayari ay maaring hindi laging tumugma sa hinahangad. Subalit, ang binhi ng kakaibang uri ng buhay – na nakaugat sa halimbawa at salita ni Jesucristo – ay kumulat at nagbunga. Sa gitna ng pakikibaka, ipinagmalaki ng mga kristiyano ang kanilang kasarínlan. Nakatitiyak sila na bagaman konti lamang sila, ay maari nilang baguhin ang mundo. Balikan natin ang liham ni Diogneto:



Sa pangkalahatan, maaari nating sabihin na kung ano ang papel ng Kristiyano sa mundo, ganun din ang papel ng kaluluwa sa katawan. Kung paanong ang kaluluwa ay nasa baw’t bahagi ng katawan, bagaman naiiba dito, ang mga Kristiyano ay matatagpuan sa lahat ng mga lungsod ng mundo ngunit hindi sila maka-mundo. Kung paanong taglay ng katawan ang di-nakikitang kaluluwa, gayundin naman ang mga Kristiyano ay nakikitang naninirahan sa mundo, ngunit ang kanilang relihiyosong buhay ay nananatiling nakatago sa mata ng mga tao. Kinamumuhian ng katawan ang kaluluwa at sila’y naglalaban, hindi dahil sa anumang pinsala na ginawa ng kaluluwa sa katawan, kundi dahil sa paghihigpit ng kaluluwa sa mga kasiyahan

ng katawan. Gayun din naman, kinamumuhian ng mundo ang mga Kristiyano, hindi dahil sa mali nitong ginawa, kundi dahil tutol sila sa mga layaw nito.

Ang pagmamahal ng mga Kristiyano sa mga napopoot sa kanila ay tulad ng pagmamahal ng kaluluwa sa katawan at lahat ng mga bahagi nito sa kabila ng poot ng katawan. Dahil sa kaluluwa, na nakapaloob sa katawan, ang katawan ay buo. At gayun din naman, sa pamamagitan ng mga Kristiyano, na nasa mundo tulad sa isang bilangguan, ang mundo ay nananatiling buo. Ang kaluluwa, bagaman walang kamatayan, ay may isang mortal na tirahan; at ang mga Kristiyano ay nabubuhay din nang sandali sa gitna ng mga lumilipas na mga bagay, at samantalang kanilang hinihintay ang paglaya sa pagbabago at pagkabulok ay sasapit sa langit pagkatapos. Kung paanong ang kaluluwa ay nakikinabang mula sa kakulangan ng pagkain at inumin, gayun din ang mga Kristiyano ay umuunlad sa ilalim ng pag-uusig. Ganyan ang iniatang na matayog at banal na misyon sa mga Kristiyano, kung saan hindi sila pinahihintulutan na pagpau-manhinan ang sarili. (Mula sa liham kay Diogneto)

### ***Labanan ang tukso upang umayon sa mundo***

7. Kung minsan, ako ay nagtataka kung bakit hindi na natin ipinagmamalaki ang pagiging katoliko, di tulad noong mga sinaunang kristiyano. Marahil ang dahilan ay ang

mga di-maipagkakailang eskandalo na nangyari (at sa kasamaang-palad ay patuloy na nangyayari) sa ating paligid at sa Simbahan. Para tayong natulala at hindi na natin kayang mabuhay nang tahimik at may pag-asa tulad ng binanggit ni San Pablo sa kanyang sulat sa mga taga-Filipos: “hindi ko inaakala na nakarating na ako; ngunit nililimot ko ang nasa likod ko at pinagsisikapan ang mga hinaharap; at tumatakbo akong naghahanap ng gantimpalang makalangit na pagkatawag sa akin ng Diyos kay Cristo Jesus. Kapag mga tunay na ganap tayo, ito ang ating hahanapin” (Filipos 3, 13-15). Samantalang ating hinaharap ang mga pagkakamali ng nakaraan, dapat nating isabuhay nang buong tapang ang Mabuting Balita ng ating Panginoong Jesucristo sa kasalukuyang panahon. Sa harap ng mga hamon ng panahon, ating iwasan ang mga bagay na magliligaw sa atin. Isang pagkakamali na takasan ang lipunan na ating kinalalagyan at magkubli sa ating “religious ghetto” tulad nang ginagawa ng ilang grupo. Sila ay humihiwalay sa karamihan at nasisiyahan na magmasid na lamang at humusga sa mga tao. Ang isa pang pagkakamali ay ang sumama tayo sa agos ng mundong ating ginagalawan at kumilos tulad ng karamihan at hindi iniisip kung ang kanilang kilos ay mabuti o masama. Hindi ganito ang maging kristiyano. Binabalaan tayo ni Jesus: “Kayo ang asin ng lupa: nguni’t kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? Wala nang ano pa mang kabuluhan, kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao” (Mt. 5, 13). Ang dalawang pagkakamaling ito ay tanda ng hindi pagiging kristiyano. Nais ni Jesus na tayo ay maging “liwanag ng mundo” (Mt. 5, 14) at “asin

ng lupa” (Mt.5, 13). Ang nais niya ay maging liwanag at asin tayo ng mundo. Kaya bago siya naghirap, ipinagdasal niya tayo: “Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa mundo, kundi ipag-adya sila sa masama. Hindi sila taga-sanlibutan, na gaya ko naman na hindi taga-sanlibutan. Pakabanalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo’y katotohanan.” (Jn 17, 15-17). Kaya nga, habang tayo ay nabubuhay sa mundong ito tulad ng iba, dapat tayong mabuhay na may pagkakaiba: mabuhay tayo bilang mga tao na “pinaging-banal sa katotohanan”. Ang maging banal sa katotohanan ay nangangahulugan na tayo ay pinaging-banal ng Panginoong nagsabi: “Ako ang katotohanan” (Jn 14,6).

8. Itinagubilin ni San Pablo sa mga kristiyano ang gawaing ito nang kanyang isinulat sa mga taga-Roma: “At huwag kayong magsi-ayon sa mundong ito bagkus kayo ay magbabagong loob at isipan. Kaya, malalaman ninyo ang kalooban ng Diyos at kung ano ang mabuti, ang buo at ganap at nakalulugod sa Kanya”. (Rom. 12.2) Batid natin sa sariling karanasan kung paano tayo madaling sumang-ayon sa mundong ito sa halip na magbago ng ating kaisipan. Nabubuhay tayo sa isang mundo na kung saan ang makapangyarihang ihip ng pagbabago sa moralidad at aral ay madaling maglayo sa atin sa kautusan ng Diyos. Malimit banggitin ni Papa Francisco ang panganib na ito. Kagaya ng kanyang sermon noong umaga ng ika-13 ng Pebrero sa kapilya ni Santa Marta. Tinalakay niya ang tungkol kay Haring Solomon na sa kabila ng kanyang dakilang karunungan ay hindi rin niya napigilan na hindi maligaw ng landas. Ang dakilang hari ay nagsimula bilang isang “mabuting tao” na humingi

sa Panginoon ng biyaya ng karunungan at sa kanya ito ay ipinagkaloob. Subalit siya ay pinanghinaan ng loob sapagka't siya'y napadala sa kanyang mga asawa na sumasamba sa mga diyos-diyosan, at siya ay nahikayat na sumamba rin sa mga diyos-diyosan. "Ang kanyang pagtalikod (apostasy) sa tunay na Diyos ay hindi nangyari nang biglaan". Ito ang wika ni Papa Francisco. Nahulog ang hari sa pagkakasala. Pinagsabihan ng Panginon si Solomon nang siya ay magkasala: "Tinalikuran mo ang iyong puso". Ito rin ay nangyayari sa ating buhay. Marami sa atin ay hindi nagkakasala nang mabigat subalit ang ating panganib ay nasa "pagpapabaya ng sarili na magkasala sapagkat manhid na ang ating konsensiya". Ang lahat ay nagiging pangkaraniwan at hindi na tayo nagiging tapat sa Panginoon, nang hindi natin namamalayan. Gaano "kalimit nating kalimutan ang Panginoon at pinakikitunguhan natin ang ibang diyos-diyosan" tulad ng pera, kayabangan at kapalaluan! Ipinaliwanag ni Papa Francisco na "para sa atin ang madulas na daan sa buhay ay patungo sa kamunduhan" sapagkat naniniwala tayong hindi naman ito masama dahil "ginagawa naman ito ng karamihan". At sa ating pagbibigay-katwiran sa ating sarili ay tumatalikod naman tayo sa Diyos at niyayakap natin ang mga makabagong diyos-diyosan. (L'Osservatore Romano, Weekly Edition in English, n.12, 20 March 2020)

9. Ang nangyari kay Solomon ay maari ding mangyari sa atin. Kung minsan gusto nating pagbigyan ang lahat at sinasamba din natin ang kanilang mga diyos-diyosan. Kung wala tayong lakas ng loob mula sa "pag-ibig ng

Diyos na nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin” (Rom 5,5), ay hindi natin mapapagtagumpayan ang laban. Lubos nating nababatid na sa halip na magbago, tayo ay nanganganib na maki-ayon na lang! Halimbawa, kung ang lahat ay nagsisinungaling, bakit ako magsasabi ng totoo? Kung ang lahat ay nandaraya, bakit hindi ko sila gayahin? Ang maging tapat sa kanyang asawa ay itinuturing na katangahan, kaya bakit hindi ako mangalunya? At kung ang tungkol sa pananampalataya ang pag-uusapan, ganun din. Napakaraming haka-haka tungkol kay Jesuscristo, bakit maniniwala pa tayo sa maka-lumang salita sa Credo? Hindi ba higit na mabuti ang sumunod sa mahusay mangaral na kung minsan ay kumukutya sa Simbahang Katolika dahil sa mga eskandalo? Kung sinusunod ng iba ang mga sariling interes, bakit naman pakikialaman ko sila? At ang listahan ng ganitong halimbawa ay mahaba.

## *Paano mabuhay nang malaya*

**10.** Ngunit mayroon pa ring katanungan: paano natin mapapanatili ang ating kasarinlang kristiyano sa isang mundong hindi pareho ang ating pinahahalagahan at nabubuhay naman tayo sa mundong ating ginagalawan? Sa katanungang ito ay dapat mabagabag ang bawa’t mabuting kristiyano. Ang paksang ito ang naging laman ng mga talumpati ng mga Papa sa nakaraang panahon. Noong dumalaw si Papa Benedicto XVI sa Alemanya ay binanggit niya ito sa mga katoliko (25 Setiembre 2011 sa Freiburg). Matinding batikos ang kanyang tinanggap sapagkat muli niyang nabuksan ang sugat hindi lamang ng mga katoliko

sa Alemanya kundi maging sa ibang bahagi ng mundo. Aking babanggitin ang ilang bahagi ng kanyang talumpati:

“Upang maisakatuparan nang maayos ang kanyang tunay na misyon, ang Simbahan ay dapat tuloy-tuloy magsumikap na umiwas sa pagiging maka-mundo, at muling maging bukas sa Diyos... Batay sa kasaysayan, kapag ang Simbahan ay hindi gaanong maka-mundo, ang kanyang patotoo sa kanyang misyon ay higit na makatotohanan. Kapag siya ay malayo sa materyalismo at pulitika kasama na ang pasanin at pribilehiyo ng mga ito, ang Simbahan ay maaring mapalapit sa lahat ng tao sa mas mabisa at isang Kristiyanong pamamaraan. At sa gayon, maaari siyang mapalapit sa buong mundo. Maaari niyang isabuhay nang malaya ang kanyang bokasyon at misyon sa banal na pagsamba at paglilingkod sa kapwa... Hindi ito tungkol sa paghahanap ng isang bagong pamamaraan upang pasiglahin ang Simbahan. Sa katunayan, ito ay tungkol sa pagiging bukas-loob, taos-puso at tapat. Hindi ito pagsasawalang-bahala sa kasalukuyang kalagayan, kundi ang pagsasabuhay ng ating pananampalataya dito at ngayon tulad sa maliwanag na sikat ng araw. Ito ay pagtanggap ng anumang bagay na may hawig sa pananampalataya, ngunit sa katotohanan ay isa lamang kaugalian. Tingnan natin ito sa ibang paraan: para sa mga tao sa baw't panahon, at hindi lamang para sa atin, ang paniniwalang Kristiyano ay isang iskandalo: na tayo ay dapat kilalanin ng walang hanggang Diyos at magmalasakit sa atin; na ang hindi nakikita ay dapat biglang matagpuan; na siya na walang kamatayan

ay dapat na magdusa at mamatay sa krus; na tayong mga tao ay dapat pangakuan ng pagkabuhay-muli at buhay na walang hanggan – para sa mga tao sa lahat ng panahon – isang kapangahasan ang paniwalaan ang lahat ng ito.... Ito ang panahon upang muling tuklasin ang tamang paraang umiwas sa mundo, upang ang Simbahan ay lumayo nang buong tapang mula sa kamunduhan. Hindi ito nangangahulugan ng pag-iwas sa mundo. Sa katunayan, ang Simbahan na hindi maka-mundo ay may kakayahan, sa pamamagitan ng kanyang mga misyon ng kawanggawa, upang mai-ugnay ang lakas ng pananampalatayang Kristiyano na nagbibigay-buhay sa mga nangangailangan, sa mga nagdurusa at kanilang tagapag-alaga... Bilang mga kaanib at bilang pamayanan ng Simbahan, ating is-abuhay nang simple ang dakilang pag-ibig dahil wala itong hinihiling maliban sa pagkakaloob ng sarili.”

### *Ang buhay sa gitna ng mga hamon ng pandemya*

11. Ang manatili na “nasa mundo subalit hindi nabibilang sa mundo” ay isang hamon para sa Simbahan at sa kanyang mga kaanib sa lahat ng panahon. Ang pandemyang ito ay may kakayahang gisingin tayo sa ating maling seguridad. Maraming bagay tayong ipinagwalang bahala, hindi lamang ang tungkol sa ating mga pangangailangan bilang tao kundi bilang mananampalataya at kaanib ng Simbahan din. Isang araw ay nagising tayong ang karamihan sa atin ay hindi na makasimba tuwing linggo o araw-araw man. Hindi na rin tayo makatanggap ng ibang mga sakramento,



hindi na madalaw ang mga may sakit at hindi na rin mailibing ang mga patay. Mula sa physical quarantine ay napilitan din tayo na mag-spiritual quarantine. Napilitan tayong tanungin ang sarili kung ano ang mahalaga sa ating buhay: hindi lamang ang tungkol sa ating pang-araw-araw na pagkain, kundi maging tungkol sa ating pananalig sa Diyos na sa wari natin ay hindi sinasagot ang ating mga ipinagdarasal. Marami ang natulad sa karanasan ni Job: “Ang Panginoon ang nagbigay at ang Panginoon ang kumuha.” Kinaya ba o kaya ba nating sabihin tulad ni Job: “Purihin ang pangalan ng Panginoon” (Job 1, 21)?

- 12.** Tayo ay nagagalak na ang mga lugar-sambahan pati na ang ating mga simbahan ay maari nang magbukas muli sa maraming bansa sa ating rehiyon, bagaman may paghihigpit. Gayunpaman, nadarama ng lahat na hindi ito katulad ng dati. Ang mga patakaran na ipinataw dahil sa panganib ng Covid-19 ay nagpapabago sa uri at paraan ng ating mga pagdiriwang at pagsamba. Ang social distancing, ang malimit na paglilinis ng kamay, ang paggamit ng maskara at guantes, ang mga alituntunin tungkol sa pag-awit, ang limitasyon sa oras ng pagdiriwang at marami pang iba ay nagpapahirap sa atin upang maranasan ang kagalakan sa liturhiya at sa paggunita sa mga dakilang ginawa ng Diyos para sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak na si Jesucristo. Ang pagdiriwang ng mga sakramento tulad ng Binyag, Kumpil o Kasal sa maliit na grupo ay nangahulugan na ang ating buhay-pananampalataya ay hindi tulad nang dati. Ang bilang ng mga maaring mangumpisal ay konti lamang at dapat magkalayo. Hindi ito ang normal na

paraan para ipagdiwang ang sakramento. Ang mahigpit na alituntunin para dalawin ang maysakit sa mga ospital o sa bahay upang ibigay ang sakramento ng pagpapahid ng langis ay nagiging isang gawain na kapos sa makataong ugnayan at pagmamahal. Maging ang pagbabasbas sa mga patay at ang paglilibing ay nagiging pabigat sa mga ka-anak o kaibigang namimighati sa kalungkutan. Ang paghihigpit na pumunta sa mga simbahan ay nag-aalis sa mga mananampalataya ng pagkakataon kung saan maari nilang tahimik na iparating sa Panginoon ang kanilang mga kalungkutan o tumangis sa harap ng Mahal na Birhen.

### ***Pag-ako sa mga bagong kondisyon***

- 13.** Dahil sa mga karanasang ito at marami pang iba ay nakita natin na ang pagsasabuhay ng ating pananampalataya sa komunidad ay higit pa sa pagtupad ng mga gawain na itinuturing nating mga katoliko bilang obligasyon. Dahil sa kawalan ng normal na ugnayan sa kapwa mananampalataya, naunawaan natin na ang pagiging isang sambayanan ay hindi nababatay sa ilang gawaing relihiyoso. Bagkus dapat natin pangalagaan nang masigasig ang pagiging isang sambayanan. Isang malaking hamon sa atin na harapin ang gawaing ito nang mabisa sa ganitong kondisyon. Totoo naman na mayroon tayong mga gamit na electronics bilang tulong upang makarating sa ibang mga tao ang mga pagdiriwang. Dahil dito, patuloy nating isasahimpapawid ang ating mga liturhiya at iba pang mga relihiyosong gawain. At ibabahagi natin ang salita ng Diyos sa maraming paraan.

Gayunpaman, kailangan pa rin natin ang ugnayang personal, sapagka't bilang mga tao at mananampalataya, tayo ay may katawan at kaluluwa. At may panganib tayo na panghinaan ng loob kung ang sambayanan ay hindi na maranasan ang sama-samang pagsamba. Isipin ninyo ang isang pamilya na kung saan ang bawa't isa ay nasa kanya-kanyang kwarto, doon kumakain; at nag-uusap sa pamamagitan lamang ng social media: manghihina ang kanilang ugnayan sa isa't isa. Ganito rin ang ating buhay kristiyano sa ating sambayanan ng parokya at sa iba't ibang mga grupo.

- 14.** Ang Covid-19 ay may kakayahang pumatay sa mga taong nahawahan nito. Bukod pa dito, ito rin ay may kakayahang sirain at putulin ang ugnayan ng mga tao. Kaya, ang matatanda, ang mga malimit magkasakit, ang mga taong may kapansanan at iba pa ay nasa panganib at sila ay inihihiwalay sa karaniwang takbo ng buhay. Dahil sa takot na mahawa, nariyan ang panganib na ituring ang ibang tao na banta sa ating kalusugan at tayo rin ay banta sa kanila. Bilang mga kristiyano dapat nating ibuhos ang lahat ng ating makakaya upang labanan ang umiiral na pagdududa sa kapwa at paglayo sa isa't isa. Dapat nating pangalagaan ang ating kalusugan at maging mahinahon; subalit alisin natin ang labis na pag-alala at hysteria! Totoong dapat tayong sumunod sa mga alituntunin ng pamahalaan, subalit, hindi natin dapat ituring ang mga alintuntuning ito na dahilan upang hindi natin ituring ang kapwa bilang kaanib ng iisang komunidad na kristiyano at kapamilya.

## *Kumpiyansa laban sa pangamba*

**15.** Tulad ng sinabi ni Jesus na tayo ay “nasa mundo” subalit “hindi mula sa mundo”. Ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito sa ating kalagayan ngayon? Tulad ng nabanggit ko sa simula ng sulat na ito, na tulad ng ating kapwa, tayo ay nakikibahagi sa iisang lipunan, lahat tayo ay nanganganib at natatakot sa pandemya at sa iba pang mga pagbabanta ng sakit. Ang tanong ay kung paano natin haharapin ang ganitong sitwasyon bilang mga tagasunod ni Jesucristo. Itinuro niya sa atin na ituring ang sarili bilang mga anak ng ating Amang nasa langit na sa atin ay lubos na nagmamahal. Ang ibig sabihin ba nito ay magiging masaya lagi ang ating buhay? Hindi! Sa halip, ito ay nagangahulugan na hindi niya tayo pababayaan maging sa sitwasyon ng pagkabalisa at matinding pagsubok. Ipinakita ito ni Jesus sa kanyang buhay at kamatayan, nang kanyang sabihin bago siya nalagutan ng hininga: “Ama, sa iyong mga kamay inihahabilin ko ang aking espiritu” (Lk 23, 46). Si San Pablo na maraming pinagdaanan sa buhay, ay itinanim sa puso ng mga taga-Roma ang katibayan ng pag-ibig ng Diyos kay Jesucristo sa kanyang sulat: “Sino ang maghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang kasawiang-palad ba, ang hirap, ang pag-uusig, ang gutom, ang kahubaran, ang panganib, ang tabak?... Natitiyak kong kahit ang kamatayan at buhay, kahit ang mga anghel at pamumuno ng kasalukuyang panahon o ang darating, kahit ang mga kapangyarihan ng kaitaasan o ng kalaliman, natitiyak ko na sa mga nilikha ay walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na kay Cristo Jesus na ating Panginoon” (Rom 8,35. 38-39). Tayo ay nangangamba at

nagdurusa tulad ng ating kapwa, subalit tayo ay nananalig na nariyan ang Ama ng ating Panginoong Jesucristo na hindi tayo iiwanan, maging sa kamatayan. Ang Panginoong muling nabuhay ang garantiya ng ganitong pananalig.

16. Noong 27 Marso 2020, sa kanyang panalanging “Urbi et Orbi” hinamon ni Papa Francisco ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng mga salitang binigkas ni Jesus sa kanyang mga alagad noong sila ay nasa gitna na malakas na unos:

“Bakit kayo natatakot? Wala ba kayong pananalig”? Nagsisimula ang ating pananampalataya kapag nabatid natin na kailangan natin ng kaligtasan. Hindi natin kayang magsarili; tayo ay mawawala kapag tayo ay nagsarili: kailangan natin ang Panginoon tulad ng mga sinaunang manlalayag na kailangan ang mga bituin sa langit. Anyayahan natin si Jesus sa bangka ng ating buhay. Ilagay natin sa kanya ang ating takot upang tayo’y kanyang bigyan ng kapanatagan ng kalooban. Tulad ng mga alagad, mararanasan natin na kung kasama natin siya ay hindi mawawasak ang bangka. Sapagkat ito ang kalakasan ng Diyos: ginagawa niyang mabuti ang lahat ng nangyayari sa atin, maging ang hindi mabuti. Nagdadala siya ng katahimikan sa mga unos sa ating buhay, sapagkat kung kasama natin ang Diyos, ang buhay ay hindi naglalaho.

17. Sa gitna ng bagyo sa ating buhay, inaanyayahan tayo ng Panginoon na gumising at magkaisa at magkaroon ng pag-asa na makapagpapalakas, tutulong at magbibigay

ng kahulugan sa mga sandali na kung kailan ang lahat ay parang lumalabo. Ginigising tayo ng Panginoon upang muling pasiglahin at buhayin ang ating pananampalataya sa Muling Pagkabuhay. Mayroon tayong angkla: ang kanyang krus na sa atin ay nagligtas. Mayroon tayong timon: ang kanyang krus na sa atin ay tumubos. Mayroon tayong pag-asa: ang kanyang krus na sa atin ay nagpagaling at yumakap upang walang bagay at walang sinuman ang makapaghihiwalay sa atin sa kanyang pag-ibig na nagliligtas. Sa gitna ng pag-iisa at pagdurusa dahil sa kawalan ng pagmamahal at pagkakataong magkita, sa gitna ng nararanasan nating kawalan ng maraming bagay, muli nating pakinggan ang pahayag ni Jesus na nagligtas sa atin: Siya ang muling nabuhay at kasama natin siya. Mula sa krus ay hinihingi sa atin ng Panginoong Jesus na muli nating hanapin ang buhay na naghihintay sa atin; muli tayong tumingin sa mga taong umaasa sa atin, upang palakasin, kilalanin at itaguyod ang grasya na nasa atin. Huwag nating patayin ang ilaw na aandap-andap (cf. Is 42,3) na kailanman ay hindi humihina, at hayaan nating mabuhay na muli ang pag-asa. ( Extraordinary Prayer presided over by Pope Francis, 27 March 2020)

### ***Si Jesus, ang nangunguna at tagapag-gantimpala ng ating pananampalataya***

- 18.** Mga minamahal kong mga kapatid! Sa gitna ng ating pinagdadaanan, huwag tayong magkamaling tumulad sa asawa ni Lot na lumingon sa nasusunog na lungsod ng Sodom at “naging haliging asin” (Gen 19,26). Dapat nating

tanggapin ang katotohanan at harapin ang kinabukasan, taglay ang katiyakan na “ang ating pagkamamamayan ay nasa kalangitan, doon din manggagaling si Jesucristong hinihintay nating Manunubos” (Phil 3:20). Hindi nito nilulutas ang pang-araw-araw na problema na ating hinaharap. Gayunpaman, ito ay nagbibigay sa atin ng pag-asa sa gitna ng mga kaguluhan sa mundong ito. Ang sulat ni San Pablo sa mga Hebreo ay nagbibigay ng listahan ng mga saksi sa pananampalataya upang palakasin ang loob ng sinaunang komunidad ng mga kristiyano na dumanas ng pag-uusig at kapaguran (cf. Hebreo 11). Nagpatuloy si San Pablo: “nakapalibot sa atin ang maraming saksi na parang ulap, kaya iwan natin ang tanang pasanin at kasalanan na nakapaligid sa atin, at tumakbo tayo nang buong tatag sa kinakaharap nating karera ng pananampalataya. Tumingala nga kayo sa tagapamahala nito na siya ring tagapag-gantimpala. Sa halip ng kaligayahang alok sa kanya, pinagtiisan niya ang krus at binalewala ang kahihyan nito, at ngayo’y nakaluklok siya sa kanan ng Diyos” (Heb 12, 1-2). Ang “tumingala tayo kay Jesus na tagapamahala at siya ring tagapag-gantimpala ng ating pananampalataya” ay hamon upang ating harapin ang mabuhay sa ilalim ng patuloy na banta ng pandemya, digmaan, problemang pang-ekonomiya at iba pang paghihirap sa buhay ng bawat isa.

- 19.** Sa ganitong kalagayan, ang pinakamabuting maibibigay natin sa isa’t isa ay ang magpatotoo at magpahayag na hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa. Walang kabuluhan ang magreklamo araw-araw tungkol sa masama nating karanasan. Tinatawag tayong “limutin ang nasa likod at

pagsikapan ang hinaharap” (Phil 3, 13). Ito ang pananaw ng isang taong nabubuhay na tumitingin sa araw-araw na pakikibaka at umaasa sa “gantimpalang makalangit na pagtawag ng Diyos kay Cristo Jesus” (Phil 3, 14). Ito ang magiging katibayan kung tunay nating nauunawaan ang panalangin ni Jesus bago niya hinarap ang kanyang pagpapakasakit: “Hindi ko ipinapakiusap na alisin mo sila sa mundo kundi ipag-adya mo sila sa masama. Hindi sila mula sa mundo, gaya nang hindi ako mula sa mundo. Pabanalin mo sila sa katotohanan. Katotohanan ang salita mo” (Jn 17: 15-17). Ang maging banal sa katotohanan ay ang tumingin kay Jesus na tagapamahala at siya ring tagapag-gantimpala ng ating pananampalataya. Huwag nating hayaan na ang mga pagsubok ay maging balakid upang harapin ang kinabukasan.

- 20.** Ang pagmasdan si “Jesus bilang tagapamahala at siya ring tagapag-gantimpala ng ating pananampalataya” ay kahilingan upang siya ay suma-atin sa gitna ng ating mga kawanggawa. Marami ang tahimik na nagpapakita ng tunay na pagtulong ayon sa ebanghelyo sa panahong ito ng pandemya. Tinutulungan nila ang mga kapitbahay at kapwa sa panahong ito ng hirap. Nais kong pasalamat silang lahat, kasama na ang mga “frontliners” dahil sa kanilang propesyon. Hinihimok ko ang bawa’t isa at ang mga grupo sa ating mga parokya na ipagpatuloy ang pakikiisa sa pagtulong sa ating komunidad. Ating bigyang pansin ang malakas na salita ni Santiago sa kanyang sulat: “Ano ang kabutihan nito, mga kapatid, kung sabihin ng sinuman na mayroon siyang pananampalataya, ngunit wala siyang gawa na bagay dito? Maililigtas ba siya



ng pananampalataya? Kung walang maisuot ang isang kapatid at walang makain sa araw-araw, sasabihin ba sa kanya ng isa sa inyo: “Pagpalain ka nawa ng Diyos, magbihis ka at magpakabusog”? ano ang kabutihan nito kung hindi ninyo sila bibigyan ng kailangan ng kanilang katawan? Gayun din naman ang pananampalataya, kung walang kasamang gawa: patay ito” (Santiago 2, 14-17).

## ***Ang sakramento sa ilalim ng kakaibang kondisyon***

**21.** Malapit nang magbukas ang mga paaralan at ating aayusin ang mga gawain sa simbahan at sa paaralan. Maraming bagay ang magbabago kung ihahambing sa nakaraan. Gayunpaman, sama-sama tayong kikilos at sa awa ng Diyos, sisikapin nating may mabuti ito kalalabasan. Kakailanganin natin ang tiyaga sa pagpapaplano ng oras ng mga misa, pagdiriwang ng mga sakramento (Binyag, Unang Pakikinabang, Kumpil, Kasal) na kaunti lamang ang maaring dumalo. Pati na ang katesismo ay gagawin sa maliit na grupo gamit ang social media, atbp. Gayunpaman, ako ay nakasisiguro na may mga kasamahan tayong may kakayahan upang tumulong sa atin na harapin ang mga kasalukuyang hamon. Ang bawat isang mananampalataya, hindi lamang ang kaparian at mga relihiyoso, sa pamamagitan ng kanilang binyag at kumpil, ay tumanggap ng tungkulin at kakayahan na maging taga-buo ng katawan ni Cristo. Ang baw’t isang nakikipag-ugnayan sa iba sa araw-araw, na may pagmamahal ng isang kristiyano ay makatutulong upang umunlad ang ugnayang

espiritwal sa mga pamilya at mga grupo. Kailangan nating labanan ang kaisipan na kung saan sarili lamang natin o ang sariling grupo ang ating iniisip. Ito ang mahalagang dahilan kung bakit aking isinangkot ang mga layko sa UAE at sa Oman. Tanging ang pandemya lamang ang pumigil dito. Ako ay naniniwala na ang Espiritu Santo ay magbibigay sa atin ng lakas upang isakatuparan ang kinakailangan sa kasalukuyang kalagayan. Magpatuloy tayo na may pananalig na ibinigay sa bawat isang nanalig sa Panginoong Jesus, “na siyang tagapamahala at siya ring tagapag-gantimpala ng ating pananampalataya”.

- 22.** Tulad na naisulat ko, sa ngayon ay hindi pa maaring simulan ang pagdiriwang ng mga sakramento tulad ng dati. Ang karamihan sa inyo ay hindi magkakaroon ng pagkakataong makapagsimba sa mga tinatawag na “Obligation Masses”. Samantalang ang pandemya ay nagpapatuloy at may kasamang mga paghihigpit, ang tungkulin na magsimba ay pansamantalang di-ipinatutupad (suspended), pati na rin ang tungkulin ng taunang pangungumpisal at pagtanggap ng komunyon. Subalit, ang tungkuling sambahin ang Diyos sa araw ng Linggo ay hindi kailanman maaring isantabi. Bagama’t hindi kayo makapagsimba, ang bawa’t mananampalataya ay dapat maglaan ng panahon upang magpasalamat, sumamba at ipagdasal ang kapwa. Sisikapin namin na ang mga hindi makapagsisimba ay makasusunod sa mga pagdiriwang na ipinakikita sa pamamagitan ng “social media”, na isinasagawa sa marami nating parokya, mag-isa man o kasama ng kanilang pamilya o sa maliit na grupo.

**23.** Basahin ang Biblia. Magdasal ng Rosaryo. Mag-saulo ng mga mahalagang talata ng Ebanghelyo at mga Salmo bilang yamang espiritwal sa panahon ng kawalan. Sa kadahilanan na ang Sakramento ng Kumpisal ay magagawa lamang sa limitadong paraan, ay ibinigay ko sa kaparian ang pahintulot na magdiwang ng Rito ng Pagsisisi na may pangkalahatang patawad (general absolution) bago magsimula ang misa. Muli kong ipinapayo sa kaparian na ipaalam nang maaga sa mga mananampalataya kung kailan igagawad ang pangkalahatang patawad. Kung kailan at kung paano isasagawa ang ibang mga sakramento ay dapat ayusin ayon sa kalagayan ng bawa't bansa, emirato at parokya. Ang Obispo ay nagbibigay sa kaparian ng ilang alituntunin upang pangasiwaan ang pagdiriwang nga mga sakramento.

### ***“Kasama natin ang Diyos sa takipsilim at sa umaga”***

**24.** Nais kong tapusin ang sulat na ito sa pamamagitan ng huling talata mula sa isang tula ng teologong si Dietrich Bonhoeffer. Isinulat niya ito para sa kanyang mga mahal sa buhay mula sa piitan ilang buwan bago siya namatay na martir sa kamay ng mga Nazi. Ito ay nangyari mga pitumpu't limang (75) taon na ang nakararaan. Maaring umakma ito sa buhay ng marami sa atin:

*Sa ilalim ng kapangyarihang mapagmahal,  
ang darating ay buong tapang nating hinihintay.  
Ang Diyos ay kasama natin sa takip-silim  
at bukung liwayway  
at sa buong maghapon na may katiyakan.*

Nawa'y patnubayan tayo ng Espiritu Santo upang lubu-  
san nating maunawaan ang hiwaga na tayo ay nabubu-  
hay sa mundong ito subalit hindi tayo mula sa mundo. At  
matapos natin itong maunawaan nawa'y magkaroon tayo  
ng malayang kalooban upang ating harapin nang tahimik  
ang mga hamon ng mga darating na buwan at mga taon.

Ipinagdarasal ko kayong lahat sa ating Mahal na Birhen  
ng Arabia, at nawa'y ingatan kayong lahat ng ating Pan-  
ginoong Jesucristo na nangako sa kanyang mga alagad  
na siya ay kasama nila hanggang sa wakas ng sanlibutan.

Taglayin ninyong lahat ang aking bendisyon,

**+PAUL HINDER OFM CAP.**

*Bikaryo Apostoliko ng Timog Arabia*

*Administrador Apostoliko ng Hilagang Arabia*

*Abu Dhabi, ika-6 ng Agosto (Pagbabagong-anyo ng Panginpoon)*



**APOSTOLIC VICARIATE  
OF SOUTHERN ARABIA**

The Catholic Church in UAE, Oman & Yemen

P.O. Box 54, Abu Dhabi  
United Arab Emirates.  
Tel: +971 2 446 1895  
Email: [info@avosa.org](mailto:info@avosa.org)  
[www.avosa.org](http://www.avosa.org)

   @avosarabia